## Alamat ng Rosas

Noong unang panahon sa isang malayong nayon, ay may isang dalaga na nagngangalang Rosa na kilala dahil sa natatangi nitong ganda at dahil na rin sa kanyang mapupulang mga pisngi, kung kaya't pinagkakaguluhan si Rosa ng mga kalalakihan.

Isang araw nang dumating ng bahay si Rosa ay nakita niya ang isa sa kanyang mga manliligaw na si Antonio na kausap ang kanyang mga magulang at humihingi ng pahintulot na manligaw kay Rosa kung saan ay masaya naman siyang pinayagan ng mga magulang ni Rosa at dahil na rin sa rason na si Antonio lamang ang lalaking unang umakyat ng ligaw sa kanila.

Ang kinakailangan lang naman na gawin ni Antonio ay ang mapatunayan ang sarili kay Rosa at pasiyahin ito.

Iyon ang naghimok kay Antonio kaya naman ay pinagsilbihan niya ang pamilya ni Rosa sa pamamagitan ng dote. Lubos namang natuwa ang mga magulang ni Rosa, lalong-lalo na ang dalaga na unti-unti ay nahuhulog na ang loob sa masugid na binata.

Sa araw na kung saan ay dapat sanang sagutin ni Rosa ang kanyang manliligaw ay doon rin siya labis na nagtaka kung bakit wala pa ito. Doon din niya nalaman na pinaglalaruan lang pala siya ni Antonio nang marinig niya ito habang kausap ang kanyang mga kaibigan.

Parang pinagsakluban ng langit at lupa si Rosa sa kanyang narining. Nadurog ang kanyang puso sa kanyang unang pag-ibig.

Hindi tumigil sa pag-iyak si Rosa habang siya ay pabalik sa kanilang bahay. Nag-aalala naman siyang tinanong nang kanyang mga magulang pero hindi sumagot ang dalaga.

Kinabukasan ay hindi na nakita si Rosa at pati na rin sa mga sumunod na araw. Isang araw ay nabalitaan na may kakaibang halaman na tumubo sa dapat sanang tagpuan nina Rosa at Antonio.

Tinawag ang halaman na rosas dahil ang pulang kulay ng bulaklak ay nagsisilbing paalala sa mga mapupulang pisngi ni Rosa. Ang naiiba lamang ay ang tinik na napapalibot sa halaman na pinapaniwalaan na si Rosa na nagsasabing wala sinuman ang makakakuha sa magandang bulaklak na hindi nasasaktan.

**Panuto: Muling isalaysay ang iyong nabasa sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang ng tamang salita para mabuo ang talata sa ibaba.**

Si Rosa ay kilala sa nayon dahil sa natatanging ganda at ________________ pisngi. Nakita ni Rosa si ____________________ sa kanilang bahay upang magpaalam sa kanyang magulang na ______________________. Masigasig na ______________________ ng binata sa pamilya ni Rosa kaya naman nahulog na rin ang kanyang loob.

Ngunit nalaman niya na ___________________ lang pala siya ni Antonio. Hindi tumigil sa ___________________ si Rosa. Nag-alala ang kanyang magulang kaya ________________ sila ngunit hindi sumagot si Ro-sa. Kinabukasan ay hindi na muling nakita si Rosa hanggang sa nabalitaan na may kakaibang halaman na tumubo sa _____________________ sana nina Rosa at Antonio.

Tinawag na _______________ ang halaman dahil sapulang kulay ng bulaklak. May mga __________________ na sanga ng bulalak na tanda na walang sinuman ang makakakuha sa magandang bulaklak na hindi nasasaktan.

LIVEWORKSHEETS